



## Mga Sona para sa Pagkakapantay-pantay sa Larangan ng Kalusugan

### Suporta upang mapabuti ang kalusugan sa mga komunidad

Ang Washington State Department of Health (DOH, Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington) ay nakikipagtulungan sa mga miyembro at kaakibat sa komunidad upang tukuyin ang Mga Sona para sa Pagkakapantay-pantay sa Larangan ng Kalusugan. Ang mga ito ay mga heyograpikong lugar na may mababang antas ng resulta sa larangan ng kalusugan. Makakatanggap ang mga ito ng espesyal na suporta mula sa DOH at mga kaakibat upang mapabuti ang kalusugan sa komunidad.

Sama-samang magtutulongan ang isang Community Advisory Council (Konsehong Tagapayo sa Komunidad) na pambuong estado upang tukuyin ang bagong Mga Sona para sa Pagkakapantay-pantay sa Larangan ng Kalusugan hanggang sa Setyembre 2022.

## Inomina ang iyong sarili o ang isang taong kakilalamo na sumali sa Community Advisory Council

### Pagpili ng miyembro

Kung ikaw ay nominado o nagnomina ka ng ibang tao, iimbitahan kang tumulong sa pagpili ng mga miyembro ng konseho sa isang virtual na pagpupulong sa Disyembre 8

### Obligasyon sa mga pulong at oras

Magpupulong-pulong ang mga piniling miyembro ng konseho nang online buwan-buwan mula Enero hanggang Setyembre 2022, at obligado silang maglaan ng humigit-kumulang sa 6.5 oras para sa mga gawain sa konseho bawat buwan

### Kompensasyon

Makakatanggap ng kompensasyon ang mga miyembro ng konseho sa halagang hanggang \$280/buwan

### Ilalatag ng konseho ang pundasyon para sa mahalagang gawaing ito

Magsasama ang konseho ng mga tao mula sa iba't ibang bahagi ng estado. Dapat ay mayroon silang iba-ibang pinanggalingan at karanasan sa buhay, ngunit iisa lang ang kanilang magiging layunin: ang makagawa ng mga oportunidad para makapamuhay nang malusog ang lahat ng tao sa ating estado.

**Alamin pa ang tungkol dito at magnomina ng isang tao:**  
[www.doh.wa.gov/HealthEquityZones](http://www.doh.wa.gov/HealthEquityZones)

Para hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o may kapansanan sa pandinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa [civil.rights@doh.wa.gov](mailto:civil.rights@doh.wa.gov).